

LAGOZ LESSONS

"Datapuwat magsiLAGO kayo
sa biyaya at sa pagkilala sa
ating Panginoon at
Tagapagligtas na si Jesu-
Cristo."

- 2 Peter 3:18

ALPHA OMEGA
LEADERSHIP INSTITUTE
(AOLI)

facebook.com/CAOCMI
caocminational@gmail.com
(+3646) 412 2450



Inihahandog ng **Church of Alpha Omega Christian Ministries, Inc. CAOCMI,**
ng **Alpha Omega Leadership Institute AOLI,**
at ng **Training & Dev't Ministry** ang Regalong Ito
Para Kay: _____

MGA ARALIN

Aralin 1: Ang Banal na Espiritu

Aralin 2: Ang Pagtanggap sa Banal na Espiritu

Aralin 3: Pagtukoy sa Banal na Espiritu

Aralin 4: Ang Bunga ng Banal na Espiritu 1

Aralin 5: Ang Bunga ng Banal na Espiritu 2

Aralin 6: Ang Bunga ng Banal na Espiritu 3

Aralin 7: Ang mga Kaloob ng Banal na Espiritu

Aralin 8: Mga Kaloob ng Pagpapahayag

Aralin 9: Mga Kaloob ng Kapangyarihan

Aralin 10: Mga kaloob ng Paglilingkod at
Pamamahala

PETSA:

PIRMA:

_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____



PANIMULA

Binabati kita! Kumusta ang iyong paglalakbay sa LAGO 1? Ano

ang mga ginawa sa iyo ni Jesus habang pinag-aaralan mo ang Kanyang mga gawa? Tunay na kahanga-hanga ang ating Panginoon, hindi ba?

Ngunit alam mo ba na matapos tuparin ni Jesus ang Kanyang gawain dito sa lupa, hindi Niya tayo iniwan na mag-isa? Ipinangako Niya ang Isa na magpapatuloy ng Kanyang gawain sa atin.

Ayon sa Juan 14:16, sinabi ni Jesus:

“At ako’y hihingi sa Ama at kayo’y bibigyan Niya ng isa pang Tagapag-alIW upang makasama ninyo magpakailanman.”

Ibig sabihin, ang gawain ni Jesus sa iyong buhay ay hindi natapos sa TAGPUAN. Ang mabuting gawa na Kanyang pinasimulan ay patuloy na isinasagawa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Kung sa LAGO 1 ay nakilala mo si Jesus at ang Kanyang mga gawa, sa LAGO 2 ay makikilala mo ang Banal na Espiritu — ang Diyos na nananahan sa iyo, gumagabay sa iyo, at nagbibigay sa iyo ng kapangyarihan upang mamuhay bilang tunay na alagad ni Cristo.

Ayon sa 2 Corinto 3:18:

“At tayong lahat... ay binabago sa kanyang wangis mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng Panginoon na Espiritu.”

Hindi pa tapos ang Diyos sa iyo. Ito ay simula pa lamang ng mas malalim na paglalakbay kasama ang Espiritu Santo.

Kaya’t ihanda mo ang iyong puso at isipan sa mga susunod na aralin. Samahan mo ako sa isang maikling panalangin.

Ama naming Diyos, salamat sa gawain ni Jesus sa aking buhay. Salamat din sa kaloob Mong Banal na Espiritu na patuloy na gumagawa sa akin. Habang ako ay pumapasok sa LAGO 2, buksan Mo ang aking isipan upang maunawaan ko ang Iyong katotohanan at ihanda Mo ang aking puso upang ako’y mabago at lumago. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang sumusunod ay ang mga minimum requirements ng isang mag-aaral upang makapagtapos ng **Lago 2**:

- Devotional Life
- Cell Group Attendance
- Sunday Service/Celebration Attendance
- 1 invitee in any fellowship gathering
- Complete Lago 2 Lessons

ARALIN 1: **A**NG BANAL NA ESPIRITU

Ang Banal na Espiritu ay isa sa tatlong Persona ng iisang Diyos — Ama, Anak, at Espiritu Santo. Maraming mananampalataya ang may malinaw na pagkakilala sa Ama at kay Jesus, ngunit kulang ang pag-unawa sa Banal na Espiritu. Siya ay hindi isang enerhiya o simpleng kapangyarihan, kundi Diyos na kumikilos, gumagabay, at nananahan sa bawat tunay na mananampalataya kay Cristo. Kung si Jesus ang tumupad sa ating kaligtasan, ang Banal na Espiritu ang nag-aaplay nito sa ating buhay at patuloy na gumagawa sa atin upang tayo ay lumago at maging mabunga. Kaya mahalagang makilala natin Siya, sapagkat Siya ang nagbibigay ng patnubay, lakas, at pagbabago sa ating pananampalataya.



ENGAGE:

May isang paaralan sa isang bayan na kilala sa husay. Magagaling ang mga guro, disiplinado ang mga estudyante, at maraming napapagtapos na may mataas na kalidad. Ngunit higit sa lahat, ang susi ng kanilang tagumpay ay ang principal na namumuno—isang lider na may malinaw na direksyon, malasakit, at matatag na pamamahala.

Ngunit dumating ang panahon na namatay ang principal. Sa simula, nagpatuloy pa ang paaralan gamit ang dating sistema. Ngunit dahil walang nagpatuloy sa kanyang pamumuno at walang malinaw na gumabay sa direksyon ng paaralan, unti-unting bumaba ang kalidad, nagkawatak-watak ang pamamahala, at kalaunan ay tuluyang nagsara ang paaralan.

Tanong:

1. Sa inyong palagay, ano ang pangunahing dahilan kung bakit bumagsak ang paaralan?

2. Ano ang kahalagahan ng may nagpapatuloy na direksyon at pamamahala pagkatapos mawala ang isang lider?

3. Basahin ang Juan 14:16-17. Ayon kay Jesus, sino ang darating upang manatili sa kanila?

4. Ano ang magiging kalagayan ng mga alagad at ng iglesia kung hindi ipinadala ni Jesus ang Banal na Espiritu matapos Siyang umakyat sa langit?



ENLIGHTEN:

Hindi sapat na malaman lamang na may Banal na Espiritu. Kailangang maunawaan natin kung sino Siya ayon sa Kasulatan at ano ang Kanyang gawain sa plano ng Diyos.

1. Ang Banal na Espiritu ay Diyos

Gawa 5:3–4

“...Hindi ka nagsinungaling sa tao kundi sa Diyos.”

Sa talatang ito, tinawag ni Pedro na pagsisinungaling sa Banal na Espiritu ang ginawa ni Ananias — at agad niyang sinabi na ito ay pagsisinungaling sa Diyos. Ipinapakita nito na ang Banal na Espiritu ay hindi hiwalay sa pagka-Diyos.

1 Corinto 3:16

“Kayo’y templo ng Diyos... at ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo.”



ENACT:

Ang pagkilala sa Banal na Espiritu ay hindi lamang kaalaman sa isip. Ito ay panawagan sa personal na pagtugon.

Personal Reflection: Sagutin nang tapat

1. Kinikilala ko ba ang Banal na Espiritu bilang Diyos at Persona, o bilang kapangyarihan lamang?
2. Nakikita ko ba ang Kanyang gawain sa aking buhay — sa pagbabago ng aking karakter, sa aking pakikibaka laban sa kasalanan, at sa aking paglilingkod sa iglesia?
3. May bahagi ba ng aking buhay na hindi ko pa lubusang ipinapasakop sa Kanyang paggabay?

PRAYER:

Ama naming Diyos, salamat sa lyong dakilang plano ng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus at sa kaloob Mong Banal na Espiritu. Banal na Espiritu, kinikilala Ka namin bilang Diyos na nananahan sa amin. Patawarin Mo kami kung hindi Ka namin nabibigyang halaga. Turuan Mo kaming makinig sa lyong tinig at mamuhay ayon sa lyong paggabay. Baguhin Mo ang aming puso, hubugin Mo ang aming karakter, at gamitin Mo kami para sa ikatitibay ng lyong iglesia. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

Kung ang Espiritu ang nananahan sa templo ng Diyos, malinaw na Siya ay Diyos.

Theological clarity:

Hindi Siya mas mababa sa Ama o sa Anak. Siya ay ganap na Diyos, kapantay sa pagka-Diyos.

2. Ang Banal na Espiritu ay Persona

Ang Banal na Espiritu ay hindi enerhiya o impersonal force.

Juan 14:26

“Ang Tagapagturo... Siya ang magtuturo sa inyo...”

Efeso 4:30

“Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo...”

Ang isang impersonal na puwersa ay hindi nagtuturo at hindi napipighati.

Ang mga ito ay katangian ng isang Persona.

Theological clarity:

May isip, may kalooban, at may damdamin ang Banal na Espiritu.

3. Ang Banal na Espiritu ay Aktibong Kumakatawan sa Diyos sa Ating Buhay

Juan 16:13

“Papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan.”

Roma 8:14

“Ang pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos.”

Ang Espiritu ang presensya ng Diyos sa atin ngayon.

Kung si Jesus ang nagligtas sa atin sa krus, ang Espiritu ang patuloy na gumagawa sa atin araw-araw.

Siya ang:

- Gumagabay
- Nagpapatibay
- Nagpapabanal

Identity is not abstract theology.

Ang pagkilala sa Kanya ay mahalaga sapagkat Siya ang personal na presensya ng Diyos sa ating buhay ngayon.

ARALIN 2: **A**NG PAGTANGGAP SA BANAL NA ESPIRITU

Sa nakaraang aralin, natutunan natin kung sino ang Banal na Espiritu — Siya ay Diyos at Siya ay Persona. Ngayon, isang mahalagang tanong ang ating haharapin: **Paano natin tinatanggap ang Banal na Espiritu?** Ito ba ay hiwalay na karanasan? Ito ba ay kusang dumarating? Kailangan ba itong hingin? Ano ang sinasabi ng Biblia? Ang malinaw na pag-unawa sa pagtanggap sa Banal na Espiritu ay mahalaga upang maiwasan ang kalituhan at maling katuruan.



ENGAGE:

1. Basahin ang **Gawa 2:38**

Ayon sa talata, ano ang kaugnayan ng pagsisisi, pananampalataya, at pagtanggap ng Espiritu?

2. Basahin ang **Roma 8:9**

Ano ang ipinapahiwatig ng talatang ito tungkol sa kahalagahan ng pagtanggap sa Espiritu?



ENLIGHTEN:

Mahalagang malinaw sa atin na ang pagtanggap sa Banal na Espiritu ay hindi hiwalay sa kaligtasan, kundi bahagi mismo nito. Hindi ito pangalawang antas ng pagiging Kristiyano, at hindi rin ito gantimpala sa mabuting gawa. Ayon sa Biblia, ang Espiritu ay kaloob ng Diyos sa lahat ng tunay na sumasampalataya kay Cristo.

Upang maiwasan ang kalituhan, kailangan nating tingnan kung ano mismo ang itinuturo ng Kasulatan tungkol sa pagtanggap sa Banal na Espiritu.

1. **Ang Banal na Espiritu ay Tinatanggap sa Pamamagitan ng Pananampalataya kay Cristo**

Efeso 1:13–14

“Nang marinig ninyo ang salita ng katotohanan, ang Mabuting Balita tungkol sa inyong kaligtasan, at kayo’y sumampalataya sa kanya, kayo’y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako...”

Makikita rito ang malinaw na pattern:

- Narinig ang ebanghelyo
- Sumampalataya kay Cristo
- Tinatakan ng Espiritu Santo

Ang pagtanggap sa Espiritu ay hindi hiwalay sa pananampalataya kay Cristo. Kapag ang isang tao ay tunay na sumampalataya, tinatanggap niya ang Espiritu bilang tanda ng kanyang kaligtasan.

2. **Ang Pagtanggap sa Espiritu ay Bahagi ng Bagong Kapanganakan**

Juan 3:5–6

“Maliban na ang tao’y ipanganak sa tubig at sa Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos...”

Ang bagong kapanganakan ay gawa ng Espiritu. Ibig sabihin, hindi maaaring maging tunay na Kristiyano ang isang tao kung wala ang Espiritu.

Ang pagtanggap sa Espiritu ay hindi opsyonal o pang-advanced level lamang — ito ay bahagi ng kaligtasan mismo.

3. **Ang Espiritu ay Ipinagkakaloob, Hindi Pinaghihirapan**

Galacia 3:2

“Tinanggap ba ninyo ang Espiritu dahil sa pagsunod ninyo sa Kautusan o dahil sa inyong pananampalataya sa inyong narinig?”

Malinaw ang sagot ni Pablo:

Ang Espiritu ay tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng gawa.

Hindi ito gantimpala sa pagiging mabuti. Ito ay kaloob ng biyaya.

4. **May Aspeto ng Patuloy na Pagpapasakop sa Espiritu**

Bagama't ang Espiritu ay tinatanggap sa sandali ng kaligtasan, ang mananampalataya ay patuloy na tinatawagan na mapuspos ng Espiritu.

Efeso 5:18

"Huwag kayong magpakalasing sa alak... Sa halip, kayo'y mapuspos ng Espiritu."

Ang "mapuspos" ay utos at nagpapahiwatig ng patuloy na pamumuhay sa ilalim ng Kanyang impluwensya.

Ibig sabihin:

- May isang beses na pagtanggap (sa kaligtasan)
- At may patuloy na pagpapasakop (sa araw-araw na pamumuhay)
-



ENACT:

1. Personal Reflection

- Ako ba ay tunay na sumampalataya kay Cristo?
- May katiyakan ba ako na ang Espiritu ay nananahan sa akin?
- Namumuhay ba ako araw-araw sa pagpapasakop sa Espiritu?

2. Doctrinal Statement Assignment

Sumulat ng 5 pangungusap na sasagot sa tanong:

"Paano tinatanggap ng isang tao ang Banal na Espiritu ayon sa Biblia?"

Isama ang hindi bababa sa dalawang talata bilang suporta.

PRAYER:

Panginoong Diyos, salamat sa kaloob Mong Banal na Espiritu. Salamat dahil hindi Mo kami pinabayaan, kundi ibinigay Mo Siya bilang tatak at katiyakan ng aming kaligtasan. Turuan Mo kaming mamuhay sa pananampalataya at patuloy na magpasakop sa Kanyang paggabay. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 3: PAGTUKOY SA BANAL NA ESPIRITU

Sa mga nakaraang aralin, natutunan natin kung sino ang Banal na Espiritu at paano Siya tinatanggap. Ngunit may isa pang mahalagang tanong: **Paano natin malalaman kung ang isang bagay ay tunay na mula sa Banal na Espiritu?**

Sa panahon ngayon, maraming nagsasabing "sinabi ng Espiritu," "pinangunahan ako ng Espiritu," o "ito ay gawa ng Espiritu." Ngunit hindi lahat ng espiritu ay mula sa Diyos.

Ang maling pagtukoy ay maaaring magdala sa kalituhan, maling aral, at pagkakahati-hati sa iglesia. Kaya mahalagang matutunan natin ang biblikal na pamantayan ng discernment.



ENGAGE:

Isaalang-alang ang mga sitwasyong ito:

Sitwasyon 1:

May isang tao na nagsasabing, "Sinabi sa akin ng Espiritu Santo na gawin ito," ngunit ang kanyang desisyon ay taliwas sa malinaw na aral ng Biblia.

Sitwasyon 2:

Isang lider ang nagsasabing, "Nararamdaman ko ang presensya ng Diyos," ngunit ang kanyang pamumuhay ay puno ng pagmamataas at galit.

Tanong:

1. Paano natin malalaman kung ang isang bagay ay tunay na mula sa Banal na Espiritu?

_____.
2. Sapat ba ang emosyon o pakiramdam upang sabihing kumikilos ang Espiritu? Bakit?

_____.

**ENLIGHTEN:****1. Ang Banal na Espiritu ay Hindi Sumasalungat sa Kasulatan**

2 Timoteo 3:16

“Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos at kapaki-pakinabang sa pagtuturo...”

Ang Espiritu ang nagbigay-inspirasyon sa Kasulatan. Kaya hindi Siya magsasalita ng taliwas dito.

Kung ang isang “rebelasyon” ay salungat sa malinaw na aral ng Biblia, hindi ito mula sa Banal na Espiritu.

Prinsipyo:

Ang Espiritu ay hindi kailanman kokontra sa Kanyang sariling Salita.

2. Ang Banal na Espiritu ay Nagluluwalhati kay Cristo

Juan 16:13–14

“Papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan... Luluwalhatiin niya ako sapagkat tatanggapin niya ang sa akin at ipahahayag sa inyo.”

Ang pangunahing gawain ng Espiritu ay itanghal si Cristo, hindi ang tao.

Kung ang isang gawain ay naglalagay ng pansin sa personalidad ng tao, kapangyarihan ng lider, o sensasyonal na karanasan sa halip na kay Cristo, kailangan itong suriin.

Prinsipyo:

Kung hindi si Cristo ang sentro, hindi iyon gawa ng Espiritu.

3. Ang Banal na Espiritu ay Nagbubunga ng Kabanalan

Galacia 5:22–23

“Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan...”

Ang tunay na gawain ng Espiritu ay nakikita sa bunga — hindi lamang sa karanasan.

Kung may “espirituwal na karanasan” ngunit walang pagbabago sa karakter, kailangan itong tanungin.

Prinsipyo:

Ang tunay na presensya ng Espiritu ay nagbubunga ng kabanalan, hindi kaguluhan o pagmamataas.

4. Ang Banal na Espiritu ay Nagdadala ng Kaayusan, Hindi Kaguluhan

1 Corinto 14:33

“Sapagkat ang Diyos ay hindi Diyos ng kaguluhan kundi ng kaayusan.”

Sa konteksto ng mga kaloob espirituwal, binigyang-diin ni Pablo na ang gawain ng Espiritu ay may kaayusan.

Kung ang isang gawain ay nagdudulot ng pagkalito, takot, o pagkakahati-hati, hindi ito sumasalamin sa katangian ng Espiritu.

**ENACT:****1. Personal Discernment Practice**

Sa loob ng linggong ito, kapag may narinig kang aral, mensahe, o pahayag na nagsasabing “ito ay mula sa Diyos,” sagutin ang apat na tanong na ito:

1. Ito ba ay naaayon sa Kasulatan?
2. Itinatanghal ba nito si Cristo?
3. Nagbubunga ba ito ng kabanalan?
4. Nagdadala ba ito ng kaayusan at pagkakaisa?

Ang discernment ay hindi batay sa emosyon, kundi sa katotohanan. Isulat ang isang halimbawa at ang iyong pagsusuri.

2. Group Exercise

Bumuo ng maikling sagot sa tanong:

“Paano natin mapananatiling biblikal at balanse ang ating iglesia sa gitna ng iba’t ibang espirituwal na impluwensya?”

PRAYER:

Panginoong Diyos, salamat sa kaloob Mong Banal na Espiritu na Espiritu ng katotohanan. Bigyan Mo kami ng karunungan at discernment upang makilala ang tunay Mong tinig. Ingatan Mo ang aming iglesia laban sa maling aral at tulungan Mo kaming manatiling nakaangkla sa Iyong Salita. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 4: **A**NG BUNGA NG BANAL NA ESPIRITU 1

Sa mga nakaraang aralin, natutunan natin kung sino ang Banal na Espiritu at ang Kanyang gawain sa kaligtasan at sa buhay ng mananampalataya. Ngayon, pag-aaralan natin ang malinaw na ebidensya ng Kanyang presensya — ang Kanyang bunga.

Mahalagang linawin na sa Galacia 5:22, ang ginamit na salita ay **“bunga” (singular)** at hindi **“mga bunga.”** Ibig sabihin, hindi ito siyam na magkakahiwalay na katangian na maaari nating piliin kung alin ang gusto natin. Ito ay iisang bunga na may iba’t ibang pagpapakita.

Kung ang Espiritu ang ugat, ang bunga ay ang kabuuang pagbabago ng karakter. Hinahati natin ito sa tatlong bahagi para sa mas malinaw na pag-aaral, ngunit dapat nating tandaan na ang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, at ang iba pa ay magkakaugnay. Hindi maaaring sabihin ng isang tao na siya ay may kagalakan ngunit walang pag-ibig, o may kapayapaan ngunit walang pagpipigil sa sarili.

Ang tunay na presensya ng Espiritu ay makikita sa kabuuang pagbabago ng buhay, hindi sa piling aspeto lamang.



ENGAGE:

Basahin ang:

Galacia 5:22–23

Tanong:

1. Bakit **“bunga”** (singular) ang ginamit at hindi **“mga bunga”**?

_____.

2. Alin sa tatlong ito — pag-ibig, kagalakan, o kapayapaan — ang pinakamadaling mawala kapag ikaw ay nasa pagsubok?

_____.



ENLIGHTEN:

1. Pag-ibig (Love)

Roma 5:5

“Ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin.”

Ang pag-ibig na tinutukoy dito ay hindi emosyon lamang. Ito ay *agape* — pag-ibig na may sakripisyo, pagpili, at katapatan.

Ang Espiritu ang nagbubuhos ng pag-ibig ng Diyos sa ating puso. Ibig sabihin, hindi tayo nagmamahal dahil mabait ang tao; nagmamahal tayo dahil ang Diyos ay kumikilos sa loob natin.

Juan 13:35

“Sa pamamagitan nito’y makikilala ng lahat na kayo’y mga alagad ko, kung kayo’y may pag-ibig sa isa’t isa.”

Ang unang ebidensya ng Espiritu ay pag-ibig sa kapwa.

2. Kagalakan (Joy)

Roma 14:17

“Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay... katuwiran, kapayapaan, at kagalakan sa Espiritu Santo.”

Ang kagalakang ito ay hindi nakadepende sa sitwasyon. Hindi ito kaligayahang dulot ng magagandang pangyayari.

Ito ay panloob na kasiyahan dahil alam nating tayo ay nasa ilalim ng paghahari ng Diyos.

1 Tesalonica 1:6

“Tinanggap ninyo ang salita sa gitna ng maraming kapighatian na may kagalakang dulot ng Espiritu Santo.”

Makikita na kahit may kapighatian, may kagalakan. Iyan ang supernatural na bunga ng Espiritu.

3. Kapayapaan (Peace)

Juan 14:27

“Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. Hindi tulad ng ibinibigay ng sanlibutan.”

Ang kapayapaang ito ay hindi kawalan ng problema. Ito ay kapanatagan ng puso dahil nagtitiwala tayo sa Diyos.

Filipos 4:6–7

“Huwag kayong mabalisa sa anuman... at ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang mag-iingat sa inyong puso at isipan kay Cristo Jesus.”

Ang Espiritu ang nag-iingat ng ating puso laban sa pagkabalisa.

Ang tatlong ito — pag-ibig, kagalakan, kapayapaan — ay patungkol sa ating relasyon sa Diyos at sa iba.

- Pag-ibig — patunay ng bagong puso
- Kagalakan — patunay ng pagtitiwala
- Kapayapaan — patunay ng pagsuko

Ang bunga ay hindi produkto ng sariling pagsisikap lamang. Ito ay resulta ng pananatili kay Cristo at pagpapasakop sa Espiritu (Galacia 5:16).



ENACT:

1. Personal Character Check

Sa tatlong ito (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan), alin ang pinakakulang sa iyong buhay ngayon?

Isulat kung paano ka tutugon dito sa linggong ito.

2. Spiritual Discipline Practice

Sa loob ng isang linggo:

- Magpakita ng isang konkretong gawa ng pag-ibig.
- Pumili ng isang sitwasyon kung saan pipiliin mong magalak sa halip na magreklamo.
- Sa tuwing may pag-aalala, manalangin agad at ipagkatiwala ito sa Diyos.

Isulat ang iyong karanasan sa susunod na session.

PRAYER:

Panginoon, salamat sa bunga ng Iyong Espiritu. Patawarin Mo kami kung madalas naming pinipili ang laman kaysa sa Espiritu. Ihasik Mo sa aming puso ang pag-ibig, punuin Mo kami ng kagalakan, at bigyan Mo kami ng kapayapaan sa gitna ng pagsubok. Hubugin Mo ang aming karakter upang kami ay maging tunay na larawan ni Cristo. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 5: ANG BUNGA NG BANAL NA ESPIRITU 2

Sa nakaraang aralin, nakita natin na ang bunga ng Espiritu ay iisa ngunit may iba’t ibang pagpapakita. Tinalakay natin ang pag-ibig, kagalakan, at kapayapaan — mga katangiang may kaugnayan sa ating relasyon sa Diyos at sa panloob na kalagayan ng puso.

Ngayon naman ay pag-aaralan natin ang mga katangiang malinaw na nakikita sa ating pakikitungo sa kapwa: **pagtitiis, kabaitan, at kabutihan.**

Kung ang Espiritu ay tunay na kumikilos sa atin, hindi lamang ang ating panloob na damdamin ang mababago, kundi pati ang ating pagtrato sa ibang tao.



ENGAGE:

Basahin ang:

Galacia 5:22–23

Tanong:

1. Sino sa iyong buhay ang pinaka-nagsusubok ng iyong pagtitiis?

_____.

2. Mas madali bang maging mabait sa mabait kaysa sa mahirap mahalin? Bakit?

_____.



ENLIGHTEN:

1. **Pagtitiis (Longsuffering / Patience)**

Colosas 3:12–13

“Bilang mga hinirang ng Diyos... magbihis kayo ng kahabagan, kabaitan, kapakumbabaan, kaamuan, at pagtitiis. Magtiisan kayo at magpatawaran sa isa’t isa...”

Ang pagtitiis ay hindi simpleng paghihintay. Ito ay kakayahang magtiis ng pagkukulang at pagkakamali ng iba nang hindi agad nagagalit o gumaganti.

Ito ay pag-ibig na may mahabang pasensya.

Ang Diyos mismo ay mapagtiis.

2 Pedro 3:9

“Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako... kundi siya’y mapagtiis sa inyo, na hindi niya ibig na may sinumang mapahamak.”

Kung ang Diyos ay mapagtiis sa atin, tayo rin ay tinatawag na maging mapagtiis sa iba.

2. Kabaitan (Kindness)

Efeso 4:32

“Maging mabait kayo at mahabagin sa isa’t isa, at magpatawaran...”

Ang kabaitan ay aktibong pagpapakita ng malasakit. Hindi lamang ito mabuting asal kundi sadyang pagpili na gumawa ng mabuti kahit hindi ito hinihingi.

Ang kabaitan ay sumasalamin sa karakter ng Diyos.

Tito 3:4–5

“Ngunit nang mahayag ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas... tayo’y iniligtas niya...”

Ang ating kaligtasan ay resulta ng kabaitan ng Diyos. Kaya’t ang kabaitan sa iba ay natural na bunga ng pagtanggap natin ng Kanyang biyaya.

3. Kabutihan (Goodness)

Roma 12:21

“Huwag kang padadaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama.”

Ang kabutihan ay hindi lamang pagiging mabait; ito ay moral integrity at aktibong paggawa ng tama kahit may kabayaran.

Ang kabutihan ay lakas na pinipiling gumawa ng tama kahit mahirap.

Efeso 5:9

“Sapagkat ang bunga ng liwanag ay makikita sa lahat ng kabutihan, katuwiran, at katotohanan.”

Ang taong pinamumunuan ng Espiritu ay hindi lamang umiiwas sa kasamaan; siya ay aktibong gumagawa ng mabuti.

Ang tatlong ito ay nagpapakita kung paano ang Espiritu ay:

- Pinapalambot ang ating puso (pagtitiis)
- Pinapalawak ang ating malasakit (kabaitan)
- Pinatitibay ang ating moral na paninindigan (kabutihan)

Kung wala ang Espiritu, ang natural na reaksiyon ng tao ay galit, paghihiganti, o pagiging makasarili. Ngunit kapag ang Espiritu ang naghahari, ang reaksiyon ay pasensya, malasakit, at paggawa ng tama.



ENACT:

1. Relational Inventory

Isipin ang isang tao na mahirap pakisamahan.

Sa linggong ito:

- Magpakita ng isang konkretong gawa ng kabaitan sa kanya.
- Ipanalangin siya araw-araw sa loob ng pitong araw.
- Piliing huwag gumanti kung ikaw ay nasaktan.

Isulat ang iyong karanasan sa susunod na session.

2. Self-Examination

Sagutin nang tapat:

- Ako ba ay mabilis magalit o mabilis magtiis?
- Ang aking kabaitan ba ay nakabase sa ugali ng tao o sa biyaya ng Diyos?
- Ang aking kabutihan ba ay pareho sa pribado at sa publiko?

PRAYER:

Panginoon, salamat sa iyong pagtitiis at kabaitan sa amin. Patawarin Mo kami kung madalas kaming maging makasarili at mabilis magalit. Hubugin Mo sa amin ang pagtitiis, kabaitan, at kabutihan upang ang aming buhay ay maging malinaw na patotoo ng Iyong Espiritu. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 6: **A**NG BUNGA NG BANAL NA ESPIRITU 3

Natapos na natin ang unang dalawang bahagi ng Bunga ng Espiritu. Nakita natin na ang bunga ay iisa ngunit may iba't ibang pagpapakita sa buhay ng mananampalataya.

Sa huling bahagi, tututukan natin ang tatlong katangiang may malalim na epekto sa ating integridad at pag-uugali: **katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili.**

Ang mga ito ay hindi basta panlabas na asal. Ito ay panloob na pagbabago na bunga ng presensya ng Espiritu sa ating buhay.



ENGAGE:

Basahin ang:

Galacia 5:22–23

Tanong:

1. Sa tatlong ito, alin ang pinakamahirap isabuhay sa panahon ngayon? Bakit?

_____.

2. Maaari bang magmukhang mabait ang isang tao ngunit kulang sa pagpipigil sa sarili? Ipaliwanag.

_____.



ENLIGHTEN:

1. Katapatan (Faithfulness)

1 Corinto 4:2

“Ang hinahanap sa katiwala ay ang siya’y maging tapat.”

Ang katapatan ay hindi tungkol sa talento kundi sa pagiging mapagkakatiwalaan.

Ito ay pananatiling totoo sa Diyos at sa mga ipinagkatiwala Niya sa atin — kahit walang nakakakita, kahit walang pumapalakpak.

Mateo 25:21

“Mabuti, mabuti at tapat na alipin...”

Ang papuri ng Panginoon ay hindi “mabuti at matagumpay,” kundi “mabuti at tapat.”

Ang Espiritu ang nagbibigay lakas upang manatiling tapat kahit may tukso o pagod.

2. Kaamuan (Gentleness / Meekness)

Mateo 11:29

“Matuto kayo sa akin, sapagkat ako’y maamo at mapagpakumbabang puso...”

Ang kaamuan ay hindi kahinaan. Ito ay lakas na kontrolado.

Si Jesus ay maamo ngunit may awtoridad.

Ang taong may Espiritu ay hindi marahas sa pananalita o pag-uugali. Marunong siyang magsalita ng katotohanan nang may pag-ibig.

Galacia 6:1

“Kung may taong nagkasala, kayo na pinapatnubayan ng Espiritu ay magtuwid sa kanya sa diwang maamo.”

Ang tunay na espirituwal na tao ay hindi mapanghusga kundi maamo sa pagtutuwid.

3. Pagpipigil sa Sarili (Self-Control)

2 Timoteo 1:7

“Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan, kundi ng kapangyarihan, pag-ibig, at pagpipigil sa sarili.”

Ang pagpipigil sa sarili ay kakayahang kontrolin ang pagnanasa, emosyon, at reaksiyon.

Hindi lahat ng nararamdaman ay kailangang sundin.

Hindi lahat ng gusto ay dapat gawin.

1 Corinto 9:25

“Ang isang atleta ay nagsasanay ng pagpipigil sa sarili sa lahat ng bagay...”

Ang buhay Kristiyano ay nangangailangan ng disiplina. Ngunit ang disiplina ay bunga ng Espiritu, hindi lamang sariling determinasyon.

Ang tatlong ito ay nagpapakita ng panloob na katatagan ng isang mananampalataya:

- Katapatan — pagiging matatag sa responsibilidad
 - Kaamuan — pagiging mahinahon sa pakikitungo
 - Pagpipigil sa sarili — pagiging disiplinado sa pag-uugali
- Kung wala ang Espiritu, madaling bumigay sa tukso, emosyon, o pride. Ngunit kapag Siya ang naghahari, may integridad at kontrol ang buhay.



ENACT:

1. Integrity Check

Sagutin nang tapat:

- Ako ba ay pareho sa pribado at sa publiko?
- Paano ako tumutugon kapag ako ay pinupuna o kinokontra?
- May bahagi ba ng aking buhay na kulang sa disiplina?

2. Character Commitment

Sa linggong ito:

- Pumili ng isang aspeto ng buhay na kailangan ng higit na pagpipigil sa sarili (hal. pananalita, oras, social media, galit).
- Magtakda ng konkretong hakbang upang ito ay maisaayos.
- Ipanalangin araw-araw na tulungan ka ng Espiritu sa pagbabagong ito.

Isulat ang iyong karanasan sa susunod na session.

PRAYER:

Panginoon, salamat sa bunga ng Iyong Espiritu sa aming buhay. Turuan Mo kaming maging tapat sa maliliit na bagay, maamo sa aming pakikitungo, at may pagpipigil sa sarili sa aming mga desisyon. Hubugin Mo ang aming karakter upang kami ay maging katulad ni Cristo. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 7: **A**NG MGA KALAOOB NG BANAL NA ESPIRITU

Sa nakaraang tatlong aralin, pinag-aralan natin ang Bunga ng Espiritu — ang pagbabago ng karakter na malinaw na ebidensya ng Kanyang presensya sa ating buhay. Natutunan natin na ang tunay na espirituwalidad ay hindi nasusukat sa karanasan o kakayahan, kundi sa pag-ibig, kabanalan, at integridad. Ngunit ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi lamang panloob na pagbabago. Siya rin ang nagbibigay ng mga kaloob upang tayo ay maging kapaki-pakinabang sa katawan ni Cristo. Kung ang bunga ay tungkol sa kung sino tayo, ang mga kaloob ay tungkol sa kung paano tayo naglilingkod. Mahalagang maunawaan ito nang tama. Maraming kalituhan sa usapin ng spiritual gifts — may ilan na labis na itinatanghal ang mga ito, at mayroon namang halos hindi binibigyang halaga. Ngunit ayon sa Biblia, ang mga kaloob ay bahagi ng normal na buhay ng iglesia. Ang mga ito ay hindi ibinibigay upang itaas ang tao, kundi upang itayo ang iglesia. Hindi ito badge ng spiritual maturity, kundi biyaya para sa paglilingkod.

Sa araling ito, titignan natin kung ano ang mga kaloob ng Banal na Espiritu, saan ito nagmumula, at ano ang kanilang layunin sa loob ng katawan ni Cristo.



ENGAGE:

Tanong:

May pagkakaiba ba ang natural na talento at espirituwal na kaloob?

Magbigay ng halimbawa ng:

- Talent (hal. mahusay kumanta, magsalita, mag-organize)
- Spiritual gift (hal. pagtuturo, pagpapalakas-loob, paglilingkod)

Tanong:

1. Maaari bang gamitin ng Diyos ang natural talent?
2. Ano ang kaibahan ng talent na walang Espiritu at kaloob na pinamumunuan ng Espiritu?

**ENLIGHTEN:****1. Ang Pinagmulan ng mga Kaloob***1 Corinto 12:11*

“Ngunit ang lahat ng ito ay gawa ng iisang Espiritu, na nagbibigay sa bawat isa ayon sa kanyang kalooban.”

Ang Espiritu ang nagbibigay ng kaloob ayon sa Kanyang kalooban. Hindi ito pinipili ng tao; hindi ito napag-aaralan lamang; ito ay biyayang ipinagkakaloob.

2. Ang Layunin ng mga Kaloob*Efeso 4:11–12*

“At siya ang nagbigay ng mga apostol, propeta, ebanghelista, pastor at guro upang ihanda ang mga banal sa gawain ng paglilingkod, para sa ikatitibay ng katawan ni Cristo.”

Ang layunin ng mga kaloob ay:

- Ihanda ang mga mananampalataya
- Itaguyod ang paglilingkod
- Patibayin ang iglesia

Ang kaloob ay para sa edification (pagpapatibay), hindi exhibition (pagpapakita).

3. Iba-iba ang mga Kaloob, Iisa ang Katawan*Roma 12:4–6*

“Sapagkat kung paanong sa iisang katawan ay may maraming bahagi... gayon din naman tayo, bagama’t marami, ay iisang katawan kay Cristo... Kaya’t yamang mayroon tayong mga kaloob na iba’t iba ayon sa biyayang ibinigay sa atin...”

Ang pagkakaiba ng kaloob ay hindi dahilan ng paghahambing kundi ng pagtutulungan.

Walang maliit na kaloob sa katawan ni Cristo.

4. Ang Kaloob ay Dapat Gamitin sa Pag-ibig*1 Corinto 13:1–2*

“Kung magsasalita man ako ng mga wika ng tao at ng mga anghel ngunit wala akong pag-ibig, ako’y tunog na kampana lamang...”

Kahit gaano pa kagaling ang isang tao sa kanyang kaloob, kung walang pag-ibig, ito ay walang kabuluhan.

Dito makikita ang koneksyon ng Lesson 4–6 (Fruit) at Lesson 7 (Gifts).

Ang karakter ay dapat mauna bago ang kapangyarihan.

**ENACT:****1. Spiritual Gift Discernment Exercise**

Maglaan ng tahimik na oras at sagutin ang mga sumusunod:

- Sa anong uri ng gawain sa iglesia ako natural na nagiging mas epektibo?
- Kailan ako nakakaramdam ng kagalakan habang naglilingkod?
- Ano ang madalas sabihin ng ibang tao tungkol sa aking kontribusyon sa iglesia?

2. Stewardship Commitment

Basahin ang:

1 Pedro 4:10

Tanong:

Kung ako ay katiwala lamang, paano ko dapat gamitin ang aking kaloob?

Isulat ang isang konkretong hakbang na gagawin mo sa loob ng susunod na dalawang linggo upang gamitin ang iyong kaloob para sa ikatitibay ng iglesia.

3. Guardrail Reflection

Sagutin nang tapat:

- May pagkakataon ba na ginamit ko ang aking kakayahan para sa sariling papuri?
- Paano ko masisiguro na ang aking paglilingkod ay laging nakaangkla sa pag-ibig (1 Cor 13)?

PRAYER:

Ama naming Diyos, salamat sa sari-saring biyaya na Iyong ipinagkakaloob sa Iyong iglesia. Salamat sa mga kaloob na ibinibigay ng Banal na Espiritu ayon sa Iyong kalooban. Turuan Mo kaming maging mabubuting katiwala ng mga kaloob na ito. Ingatan Mo ang aming puso laban sa pagmamataas at paghahambing. Nawa'y gamitin namin ang anumang ipinagkatiwala Mo sa amin para sa ikatitibay ng katawan ni Cristo at para sa Iyong kaluwalhatian. Banal na Espiritu, ipakita Mo sa amin kung paano kami makapaglilingkod nang may pag-ibig, katapatan, at kababaang-loob.

Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 8: **M**GA KALOOB NG PAGAPPAHAYAG

Sa nakaraang aralin, nakita natin na ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay ibinibigay para sa ikatitibay ng iglesia. Ngayon, sisimulan nating pag-aralan ang iba't ibang uri ng mga kaloob ayon sa Kasulatan.

Ang Biblia ay may ilang listahan ng spiritual gifts, lalo na sa:

- 1 Corinto 12
- Roma 12
- Efeso 4

Hindi ito magkakaibang sistema, kundi magkakaibang pananaw sa iisang katotohanan. Upang mas maunawaan natin ang mga ito, hinati natin ang mga kaloob sa tatlong pangunahing kategorya:

1. Mga Kaloob ng Pagpapahayag (Speaking Gifts)
2. Mga Kaloob ng Kapangyarihan (Power Gifts)
3. Mga Kaloob ng Paglilingkod at Pamamahala (Service / Ministry Gifts)

Ang paghahating ito ay hindi para paghiwa-hiwalayin ang Espiritu, kundi para mas malinaw nating makita ang layunin ng bawat kaloob.

Sa araling ito, tututukan natin ang Mga Kaloob ng Pagpapahayag — mga kaloob na ginagamit upang ihayag ang katotohanan ng Diyos para sa pagpapatibay ng iglesia.



ENGAGE:

Naranasan mo na bang makinig sa isang mensahe na simple lamang ngunit tumimo sa puso mo?

Ano ang mas mahalaga:

- Ang galing ng tagapagsalita?
- O ang kapangyarihan ng katotohanang ipinahayag?

Basahin ang:

1 Corinto 14:3

“Ang nagpapahayag ng propesiya ay nagsasalita sa mga tao upang sila’y patibayin, palakasin ang loob, at aliwin.”

**ENLIGHTEN:****Ano ang Kasama sa Mga Kaloob ng Pagpapahayag?**

Mula sa **1 Corinto 12** at **Roma 12**, kabilang sa mga Kaloob ng Pagpapahayag ang mga sumusunod:

1. **Propesiya (1 Corinto 12:10; Roma 12:6)**
Layunin: Edification, exhortation, comfort.
2. **Pagtuturo (Roma 12:7)**
Layunin: Doctrinal clarity at spiritual maturity.
3. **Pagpapalakas-loob (Roma 12:8)**
Layunin: Spiritual motivation at obedience.
4. **Salita ng Karunungan (1 Corinto 12:8)**
Layunin: Godly direction sa praktikal na desisyon.
5. **Salita ng Kaalaman (1 Corinto 12:8)**
Layunin: Spiritual insight na nakakatulong sa iglesia.
6. **Iba't Ibang Wika (1 Corinto 12:10)**
Layunin: Spiritual edification sa ilalim ng kaayusan.
7. **Pagpapaliwanag ng ibang Wika (1 Corinto 12:10)**
Layunin: Maintindihan ng iglesia ang ipinahayag upang magkaroon ng edification.

Ngunit paano ito ma-develop nang tama at biblikal?**1. Manatiling Nakaangkla sa Kasulatan**

2 Timoteo 2:15

“Sikapin mong maging kalugud-lugod sa Diyos... tamang naghahayag ng salita ng katotohanan.”

Ang speaking gift ay hindi improvisation lamang. Ito ay responsableng paghawak sa Salita ng Diyos.

Practical Development:

- Regular na pag-aaral ng Biblia
- Pag-unawa sa konteksto
- Accountability sa leadership

Ang Espiritu ay hindi papalit sa tamang pag-aaral — Siya ang gumagabay dito.

2. Linangin ang Buhay Panalangin

Juan 16:13

“Papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan.”

Ang tunay na pagpapahayag ay bunga ng pakikipag-ugnayan sa Diyos. Hindi sapat ang kaalaman; kailangan ang patnubay ng Espiritu.

Practical Development:

- Manalangin bago magsalita
- Humingi ng karunungan
- I-align ang mensahe sa kalooban ng Diyos

3. Ipaubaya ang Layunin sa Pag-ibig

1 Corinto 13:1

“Kung magsasalita man ako... ngunit wala akong pag-ibig...”

Ang speaking gift na walang pag-ibig ay walang halaga.

Check your heart:

- Nais ko bang magpatibay o magpabilib?
- Nais ko bang magtuwid o manghusga?

4. Magpasuri at Magpasakop

1 Corinto 14:29

“At suriin ng iba ang sinasabi.”

Ang anumang pagpapahayag sa iglesia ay dapat may pagsusuri.

Healthy development includes:

- Openness to correction
- Willingness to learn
- Humility

**ENACT:****1. Heart Examination**

Sagutin:

- Ang aking pananalita ba ay nagdadala ng buhay o sugat?
- Ako ba ay handang maituwid kung may mali sa aking pagpapahayag?

2. Practice in Faithfulness

Sa linggong ito:

- Pumili ng isang talata
- Ipaliwanag ito sa isang tao
- Ipanalangin siya pagkatapos

Layunin: gamitin ang katotohanan upang magpatibay.

PRAYER:

Banal na Espiritu, salamat sa kaloob ng pagpapahayag. Turuan Mo kaming magsalita nang may katotohanan at pag-ibig. Ingatan Mo ang aming puso laban sa pagmamataas at gamitin Mo ang aming mga salita upang itayo ang Iyong iglesia. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 9: MGA KALOOB NG KAPANGYARIHAN

May mga pagkakataon sa Kasulatan na malinaw na ipinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan — mga pagpapagaling, mga himala, at mga pambihirang pagkilos na hindi kayang ipaliwanag ng natural na paraan.

Ngunit ang mga ito ay hindi ginawa upang magdulot lamang ng pagtataka. Ang bawat pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos ay may layunin: patunayan ang Kanyang katotohanan, palakasin ang pananampalataya, at ituro ang mga tao kay Cristo.

Sa 1 Corinto 12, binanggit ni Pablo ang ilang kaloob na nagpapakita ng malinaw na pagkilos ng kapangyarihan ng Espiritu. Ang mga ito ay tinatawag nating **Mga Kaloob ng Kapangyarihan**.

Mahalagang lapitan ang paksang ito nang may dalawang bagay: una, pananampalataya sa kakayahan ng Diyos; ikalawa, pag-iingat na manatiling nakaangkla sa Kanyang Salita.

Sa araling ito, pag-aaralan natin kung ano ang mga kaloob na ito, ano ang kanilang layunin, at paano natin ito mauunawaan nang tama ayon sa Biblia.



ENGAGE:

Basahin ang:

- Gawa 3:1–10
- Gawa 14:8–15

Tanong:

1. Ano ang napapansin ninyo sa pattern ng himala?
2. Ano ang laging kasunod ng himala?
3. Sino ang tinatanyag sa kwento?

**ENLIGHTEN:****Ano ang Kasama sa Mga Kaloob ng Kapangyarihan?**

Mula sa **1 Corinto 12:8–10**, kabilang dito ang:

- Pananampalataya (special faith) – v.9
- Mga Kaloob ng Pagpapagaling – v.9
- Paggawa ng mga Himala – v.10
- Pagkilala sa mga Espiritu – v.10

1. Pananampalataya (Special Faith) - 1 Corinto 12:9

Ito ay hindi saving faith (lahat ng mananampalataya ay may pananampalataya), kundi espesyal na pagtitiwala sa Diyos sa isang partikular na sitwasyon kung saan tila imposible ang kalagayan.

Halimbawa sa Biblia:

- Pananalig ni Elias sa gitna ng tagtuyot (1 Hari 18)

Development Principle:

- Lumalago ito sa pamamagitan ng malalim na pagtitiwala sa Diyos
- Nakaugat sa pagkilala sa Kanyang karakter
- Hindi ito emotional hype kundi matatag na pananalig

2. Mga Kaloob ng Pagpapagaling - 1 Corinto 12:9

Mapapansin na plural ang ginamit (“mga kaloob ng pagpapagaling”), na nagpapakita na iba’t ibang paraan at pagkakataon ito ibinibigay.

Sa Bagong Tipan:

- Gawa 3:6–8 – Pagpapagaling sa pilay

Important Clarification:

- Hindi lahat ng may sakit ay agad gumagaling
- Hindi ito kontrolado ng tao
- Ito ay ayon sa kalooban ng Diyos

Development Principle:

- Panalangin na may pananampalataya
- Pagsuko sa kalooban ng Diyos
- Hindi paggamit nito para sa personal na kapakinabangan

3. Paggawa ng mga Himala - 1 Corinto 12:10

Ito ay malinaw na pagkilos ng kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa natural na batas.

Halimbawa:

- Gawa 5:12 – Maraming himalang ginawa sa pamamagitan ng mga apostol

Development Principle:

- Hindi hinahabol ang himala; hinahabol ang pagsunod sa Diyos
- Ang himala ay patunay ng mensahe, hindi kapalit ng mensahe

4. Pagkilala sa mga Espiritu - 1 Corinto 12:10

Ito ay kakayahang makilala kung ang isang espirituwal na pagpapakita ay mula sa Diyos, sa tao, o sa masamang espiritu.

1 Juan 4:1

“Subukin ninyo ang mga espiritu kung sila’y mula sa Diyos.”

Development Principle:

- Malalim na pagkaalam sa Salita
- Sensitivity sa Espiritu
- Hindi pagiging judgmental, kundi pagiging mapanuri

**ENACT:**

Sagutin nang personal (Isulat ang inyong mga sagot sa hiwalay na papel at ipasa ito sa susunod na pagkikita.):

1. Ano ang paniniwala ko tungkol sa himala — batay ba ito sa Biblia o sa karanasan?
2. Ano ang mas mahalaga sa akin: ang makita ang kapangyarihan ng Diyos o ang magtiwala sa Kanyang kalooban?
3. Kung hindi sagutin ng Diyos ang aking panalangin ayon sa gusto ko, magbabago ba ang aking pananampalataya?

Layunin: I-align ang puso bago hanapin ang kapangyarihan.

PRAYER:

Makapangyarihang Diyos, kinikilala namin na Ikaw lamang ang pinagmumulan ng tunay na kapangyarihan. Salamat sa mga kaloob na iyong ibinibigay ayon sa iyong kalooban.

Turuan Mo kaming manalangin nang may pananampalataya at magtiwala nang may pagpapasakop. Ilayo Mo ang aming puso sa pagmamataas at sa paghahangad ng kapangyarihan para sa sarili. Nawa'y ang lahat ng iyong gawin sa amin at sa pamamagitan namin ay magturo sa mga tao kay Cristo at magpatibay sa iyong iglesia.

Sa pangalan ni Jesus, Amen.

ARALIN 10: **M**GA KALOOB NG PAGLILINGKOD AT PAMAMAHALA

Hindi lahat ng kaloob ay nasa entablado. Hindi lahat ay nakikita sa mikropono. May mga kaloob na tahimik, praktikal, at minsan ay hindi napapansin — ngunit sila ang nagpapatatag sa buhay ng iglesia. Sa Roma 12 at Efeso 4, makikita natin ang mga kaloob na may kinalaman sa paglilingkod, pamumuno, pagbibigay, at pangangalaga. Ang mga ito ang bumubuo sa istruktura at katatagan ng katawan ni Cristo. Kung ang speaking gifts ay nagpapahayag, at ang power gifts ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, ang mga kaloob ng paglilingkod at pamamahala naman ang nagpapanatili ng kaayusan at paglago ng iglesia.

**ENGAGE:**

“Where do you fit?”

Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Lagyan ng ✓ ang mga tumutukoy sa iyo:

- ☐ Madalas akong makakita ng kailangang ayusin at kusa akong kumikilos.
- ☐ Mas komportable akong tumulong kaysa magsalita sa harap.
- ☐ Mahilig akong mag-organisa at magplano.
- ☐ Madali akong maantig sa kalagayan ng mga nangangailangan.
- ☐ Natural sa akin ang manguna kapag may gawain.
- ☐ Masaya akong magbigay nang hindi napapansin.

Reflection Questions:

1. Ano ang napansin mo sa iyong mga sagot?

2. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa paraan ng pagdidisenyo sa iyo ng Diyos?

3. Kung lahat sa iglesia ay pareho ang sagot, ano ang maaaring mangyari?

**ENLIGHTEN:****Mga Kaloob ng Paglilingkod at Pamamahala**

Ang mga kaloob na ito ay makikita lalo na sa:

- Roma 12:6–8
- Efeso 4:11–12

Hindi sila laging dramatic o visible, ngunit sila ang nagbibigay ng istruktura, katatagan, at pangangalaga sa iglesia.

1. Paglilingkod (Service)

Roma 12:7

“Kung ang kaloob ay paglilingkod, maglingkod siya...”

Ito ay kakayahang tumugon sa praktikal na pangangailangan ng iglesia at ng kapwa.

Biblical Example:

Gawa 6:1–3 – Ang pagpili ng mga tagapangasiwa upang asikasuhin ang pang-araw-araw na pangangailangan.

Paano Ito Made-develop?

- Maging sensitibo sa pangangailangan sa paligid
- Magsimula sa maliliit na gawain
- Maging tapat kahit walang pagkilala

Ang kaloob na ito ay nahuhubog sa pamamagitan ng consistent na paglilingkod, hindi sa spotlight.

2. Pagbibigay (Giving)

Roma 12:8

“Ang nagbibigay, gawin niya ito nang may katapatan.”

Ito ay kakayahang magbigay nang may bukal sa puso at walang pag-aatubili.

Paano Ito Made-develop?

- Linangin ang puso ng pagiging katiwala (2 Corinto 9:7)
- Magbigay nang may kagalakan, hindi napipilitan
- Iwasan ang pagyayabang

Ang tunay na pagbigay ay hindi tungkol sa halaga kundi sa puso.

3. Pamumuno (Leadership)

Roma 12:8

“Ang namumuno, gawin niya ito nang may kasipagan.”

Ito ay kakayahang magbigay-direksyon, mag-organisa, at manguna sa gawain ng iglesia.

Paano Ito Made-develop?

- Mamuno bilang lingkod (Marcos 10:45)
- Maging accountable
- Magpakita ng integridad
- Iwasan ang pagnanasa sa kontrol

Ang biblikal na pamumuno ay servant leadership.

4. Pagpapakita ng Habag (Mercy)

Roma 12:8

“Ang nagpapakita ng habag, gawin niya ito nang may kagalakan.”

Ito ay kakayahang magpakita ng malasakit sa may sakit, mahina, o nasasaktan.

Paano Ito Made-develop?

- Lumapit sa mga nangangailangan
- Huwag matakot sa emosyonal na involvement
- Manalangin para sa mga pinaglilingkuran

Ang habag ay larawan ng puso ni Cristo.

5. Pastor at Ebanghelista

Efeso 4:11–12

“Upang ihanda ang mga banal sa gawain ng paglilingkod, para sa ikatitibay ng katawan ni Cristo.”

Ang layunin ng ministry leaders ay hindi gawin ang lahat, kundi ihanda ang buong iglesia para maglingkod.

Paano Ito Made-develop?

- Pagsasanay at mentoring
- Pag-aaral ng Salita
- Pagpapastol na may pag-ibig
- Pagbibigay ng halimbawa

**ENACT:**

Ang mga kaloob ng paglilingkod at pamamahala ay hindi lamang dapat maunawaan — dapat itong maisabuhay.

Personal Ministry Reflection

Sagutin nang tapat:

1. Sa anong larangan ng paglilingkod ako maaaring gamitin ng Diyos?

2. Ano ang pumipigil sa akin upang ganap na maglingkod?
 - ☐ Takot
 - ☐ Kakulangan ng kumpiyansa
 - ☐ Kakulangan ng oras
 - ☐ Paghahangad ng pagkilala
 - ☐ Iba pa: _____
3. Handa ba akong maglingkod kahit walang spotlight? Bakit?

Concrete Commitment

Maglagay ng malinaw at konkretong hakbang:

Sa loob ng susunod na dalawang linggo, ako ay:

- ☐ Sasali sa isang ministry o gawain sa iglesia
- ☐ Tutulong sa isang partikular na pangangailangan
- ☐ Makikipag-usap sa isang lider upang malaman kung saan ako maaaring maglingkod
- ☐ Maglalaan ng oras sa mentoring o pagsasanay

Isulat ang iyong commitment:

PRAYER:

Ama naming Diyos, salamat sa mga kaloob na iyong ipinagkakaloob sa iyong iglesia. Salamat sa pagkakataong makapaglingkod hindi para sa aming pangalan kundi para sa iyong kaluwalhatian.

Turuan Mo kaming maging tapat sa maliliit na bagay at maging handang maglingkod kahit walang nakakakita. Alisin Mo sa aming puso ang pagnanais ng pagkilala at palitan Mo ito ng pusong lingkod — mapagkumbaba, masipag, at may pag-ibig.

Gamitin Mo kami bilang bahagi ng iyong katawan upang patatagin ang iglesia at maipakita ang puso ni Cristo sa iba.

Sa pangalan ni Jesus, Amen.



Binabati Kita!

*“Salamat sa iyong tiyaga at sikap na matapos nang matagumpay ang gawaing ito. Ipagpatuloy mo ang iyong magandang sinimulan! Ikaw ngayon ay handa na para sa **LAGO 3 LESSONS**. Binabati kita!”*



Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Kristo. – Filipos 1:6

CAOCMI VISION:

Reaching out nations, making disciples.

CAOCMI MISSION & CORE VALUES:

We are a...

*Christ-centered Church with
Anointed Servants who are
Obedient to the Word, forming
Christ-like Disciples, and working on
Missionary Movements to
Impact this generation and the next.*

Contact Us:

facebook.com/CAOCMI

cacominal@gmail.com

(+6346) 412 2450